| MATATAG<br>K to10 Kurikulum<br>Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | 7 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | ARALING PANLIPUNAN |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | JULY 14 - 18, 2025 (WEEK 5) | Markahan: | 1 |

| I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa ginampanan ng katangiang pisikal ng rehiyon sa pagbuo ng sinaunang kasaysayan at kalinangan ng mga mamamayan sa Pilipinas at Timog Silangang Asya. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng proyekto na nagpapaliwanag sa ginampanan ng katangiang pisikal ng rehiyon sa pagbuo ng sinaunang kasaysayan at kalinangan ng mga mamamayan sa Pilipinas at Timog Silangang Asya. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ***Mga Kasanayan***<br>*1. Nasusuri ang kalinangang Austronesyano at Imperyong Maritima kaugnay sa pagbuo ng kalinangan ng Pilipinas at Timog Silangang Asya.*<br>*2. Natatalakay ang konsepto ng Austronesian at Mainland Origin Hypothesis (Bellwood)*<br>*3. Napahahalagahan ang pinagmulang lahi ng mga Pilipino.*<br>*4. Nakagagawa ng isang pagsasaliksik hinggil sa pinagmulang lahi ng karatig bansa at pagkakatulad nito sa Pilipinas.* |
| **D. Nilalaman** | SINAUNANG KASAYSAYAN NG TIMOG SILANGANG ASYA - UNANG BAHAGI |
| **E. Integrasyon** | SDG #4: Quality Education Migrasyon<br>Lokalisasyon at Kontekstwalisasyon |

| II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO |
|---|
| Blando et al (2014). Asya: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba-Araling Panlipunan-Modyul para sa Mag-aaral. Eduresources Publishing, Inc. Meralco Avenue, Pasig City, Philippines (page 153)<br><br>Gabuat et al. (2016). Araling Panlipunan 5: Pilipinas Bilang Isang Bansa. Vibal Group, Inc. 1253 Gregorio Araneta Avenue, Quezon City, Philippines (pp. 52-53)<br><br>Mateo et al (2008). Asya: Pag-usbong ng Kabihasnan. Batayang Aklat sa Araling Panlipunan Ikalawang Taon. Vibal Publishing House, Inc. G. Araneta Avenue, Quezon City, Philippines. (page 67) |

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br><br>**1. Maikling Balik-aral**<br><br>**Panuto:** Suriin ang mga sumusunod na pahayag. Piliin sa kahon sa baba ang iyong sagot. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.<br><br>1. Ito ang itinuturing na batayan at pangunahing institusyon ng lipunan.<br><br>2. Ito ay anyo ng pamilya na binubuo lamang ng mga magulang (ina at ama) at mga anak<br><br>3. Ito ay anyo ng pamilya na binubuo hindi lamang ng ama, ina at anak kundi ng iba pang kaanak tulad ng lola, lolo, o mga kapatid ng mga magulang<br><br>4. Ito ang tawag kung ang pinakamatandang lalaki ang kinikilalang pinakamamakapangyarihan o pinuno sa pamilya<br><br>5. Ito ang tawang kung ang babae ang kinikilalang may kapangyarihang magpasiya at mamuno sa tahanan.<br><br>**Ekstended** **Pamilya** **Nukleyar** **Patriyarkal** **Matriyarkal** | Ang mga gawaing matatagpuan sa araling ito ay inaasahang magagawa sa loob ng isang linggo.<br><br>Sa bahaging ito, ang guro ay may kalayaan na ibahin o baguhin ang mga pamamaraan upang maibigay ang maikling balik-aral.<br><br>**BALIK-ARAL**<br><br>Susi sa Pagwawasto<br><br>1. Pamilya<br><br>2. Nukleyar<br><br>3. Ekstended |

| | |
|---|---|
| **UASTRONSEINA** | Ito ang tawag sa isang pangkat ng mga Tao sa Timog- silangang Aysa, Oceana, at madagaskar, na nagsasalita ng isa sa mga wikang Austronesian. |
| **ITMGO-ISLAGNANAGN ASAY** | Ito ay isang sub-region ng kontinenteng Asya. |

| | | |
|---|---|---|
| | **2. Pidbak (Opsiyonal)** | 4. Patriyarkal<br>5. Matriyarkal<br><br>Ang pagsasagot sa balik-aral ay inaasahang gagawin sa unang araw ng pagtatalakay ng aralin. |

| | | |
|---|---|---|
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>Panuto: Sagutan ang mga sumusunod na gabay na tanong at isulat sa sagutang papel.<br>a. Ano ang kahulugan at konsepto ng Austronesian?<br>b. Ano ang tinutukoy sa Teoryang Mainland Origin Hypothesis?<br>c. Paano mo papahalagahan ang iyong pinagmulang lahi?<br>d. Sa paanong paraan mo mapag kukumpara ang pinagmulang lahi ng mga karatig bansa sa ating bansa?<br><br>**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br>**Gawain 1. SUBUKIN NATION! (#Susing Salita ng Aralin)**<br>Panuto: Isaayos ang mga pinaghalo-halong mga titik sa bawat bilang upang mabuo ang tamang salita. Isulat ang sagot sa inyong kuwaderno o sa inihandang espasyo sa sagutang papel. | Maaaring umisip ang guro ng iba pang teknik upang mailahad ang mga layunin.<br><br>**Gawain 1**<br>Susi sa Pagwawasto:<br>1. AUSTRONESIAN<br>2. TIMOG-SILANGANG ASYA<br>3. CHINA<br>4. TAIWAN<br>5. INDONESIA |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | **HCIAN**<br>____________________ | Ito ay isang bansa na matatagpuan sa silangang bahagi ng kontinente ng Asya. Kilala rin ito bilang bansa na pinakamataas ang populasyon sa Asya. | |
| | **ATIAWN**<br>____________________ | Ito ay bans ana nakalatag sa Kanlurang Pacific at nasa pagitan ng Japan at Pilipinas. | |
| | **NIDNOESAI**<br>____________________ | Ito ang bansa sa Timog-silangang bansa na tinguriang may pinakamalaking archipelago sa buong mundo. | |

| | | |
|---|---|---|
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | 1. **Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>**Paksa: ANG AUSTRONESIAN AT TEORYANG MAINLAND ORIGIN HYPOTHESIS**<br><br>Ang pangkat ng mga taong gumagamit o nagsasalita ng Austronesian ay tinatawag na ***Austronesian***. Nanirahan sila sa gawing Timog-Silangang Asya., Polynesia, at Oceana. Ayon sa mga pag-aaral, ang mga unang dumating na Austronesian ay nanatili sa Hilagang Luzon at nadatnan ang mga Austral-Melanasian na nauna nang nanirahan doon. Sa paglipas ng panahon nagkaroon ulit ng migrasyon hanggang sa kumalat na sila sa buong kapuluan hanggang sa mga isla ng Celebes, Borneo, at Indonesia.<br><br>Ayon sa arkeologong Australian na si Peter Bellwood, isang dalubhasa sa mga pag- aaral ng populasyon sa Timog-silangang Asya at sa Pacific. Ipinaliwanag sa kanyang Teorya ng Austranesian Migration ang dahilan ng pagkakatulad sa kultura, wika, at pisikal na katangian ng mga bansa sa Asya.<br><br>Ang mga Austronesian ang ninuno ng mga Pilipino. Ang mga taong nagsasalita ng Austronesian ang ninuno ng lahat ng mga tao sa Timog-silangang Asya. Noong 2500<br>B.C.E. ang mga Austronesian ay nakarating sa Pilipinas mula sa Taiwan. Sa Timog China naman ang orihinal na pinagmulan ng mga taong ito. Ito ay kinilalang Teoryang ***Austronesian Migration***.<br><br>Kilala rin ang teoryang ito bilang, ***Mainland Origin Hypothesis***, na kung saan binigyang diin na nagmula ang mga Austronesian sa timog China na naglakbay sa | Maaari pang umisip ang guro ng iba pang pamamaraan upang ilahad ang paksa sa mga mag- aaral. Maaring gumawa ng graphic organizer para mas mabilis na maunawaan ng mga mag-aaral. |

Taiwan at nagtungo sa hilagang Pilipinas. Mula sa Pilipinas ay nagtungo naman sa Indonesia. Ang iba ay nagtungo sa Malaysia, gayundin sa New Guinea, Samoa, Hawaii, Eastern Island hanggang Madagascar.

Ito rin ang naging batayan ni Bellwood sa kaniyang teorya sa pagkakatulad ng wikang gamit sa Timog-silangang Asya at sa Pacific.

**Imperyong Maritima (Insular)**

Pilipinas (Bago ang 1565)

Tinawag na ***Maritima o insular*** ang bansang Pilipinas dahil ito ay napaliligiran ng tubig. Sa panahong ito, ang Pilipinas ay binubuo ng mga barangay sa Luzon at Visayas at tanging Mindanao ang yumakap sa relihiyong Islam. Nagtatag ng mga Sultanato sa Lanao at Sulu. Makikita rin ang mga impluwensya ng Tsino sa ating kultura. Gayun din ang mga impluwensyang Muslim na nakikita sa pamumuhay ng mga mamamayan sa Mindanao.

***Integrasyon ng Migrasyon***

Ang migrasyon o pandarayuhan sa loob ng isang bansa at maging sa ibang bansa ay mahalagang salik sa pagtataya ng kaunlarang pangkabuhayan. Ito ay hindi na bagong pangyayari sapagkat ang prosesong ito ay bahagi na ng mahabang kasaysayan ng Asya. Dahil sa migrasyon ay napaunlad ang mga pamayanan dahil sa paninirahan ng ating mga ninuno na pinagmulan ng ating lahi. Maaari na rin ituring ang migrasyon bilang salik ng pagpapaunlad ng isang lipunan at estado. Halimbawa na rito ang kasaysayan ng Timog-silangang Asya, ang pandrayuhan na isinagawa ng mga Indian at Tsino na nagresulta sa pagdami ng kanilang bilang sa nabanggit na lugar at sa pagunlad ng ekonomiya ng rehiyon.

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
IKALAWANG ARAW<br>
2. Pinatnubayang Pagsasanay<br><br>
Gawain 2: PAMPROSESONG MGA TANONG (#I-UNDERSTAND)<br>
Panuto: Sagutan ang mga sumusunod na katanungan at isulat ang sagot sa sagutang papel.<br><br>
1. Ano ang kahulugan ng Austronesian?<br>
______________________________________________<br>
______________________________________________<br><br>
2. Ano ang ibigsabihin ng Teoryang Mainland Origin Hypothesis ni Peter Bellwood?<br>
______________________________________________<br>
______________________________________________<br><br>
3. Paano ipinaliliwanag ng Teorya ng Austronesian Migration ang pinagmulan ng ninuno ng mga Pilipino.<br>
______________________________________________<br>
______________________________________________<br><br>
4. Paano mo pahahalagahan ang pinagmulang lahi ng mga Pilipino?<br>
______________________________________________<br>
______________________________________________<br><br>
Gawain 3. 3-2-1 CHART ( #ILISTA MO!)<br>
Panuto: Mahaba-haba na rin ang iyong tinuklas at sinuring datos. Sa pagkakataong ito pansamantala kang tumigil at sagutan ang tsart sa ibaba upang mabatid ang lawak na ng iyong natutunan at naunawaan tungkol sa Austronesian at Teorya ng Mainland Origin. Simulan mong sagutan ang tsart sa ibaba. Kaya pa ba? Isulat ito sa iyong sagutang papel.
</td>
<td>
Ang bahaging ito ay nakatakda na gawin sa ikalawang araw, subalit may kalayaan ang guro na gawin ito kahit anong araw bastat matatapos ang lahat sa ika-apat na araw.<br><br>
Gawain 2<br><br>
May kalayaan ang guro na magbigay ng marka para sa gawaing ito.<br><br>
Gawain 3<br><br>
May kalayaan ang guro na magbigay ng marka para sa gawaing ito.
</td>
</tr>
</table>

| 3 Things you Found Out | 2 Interesting Things | 1 Question You Still Have |
|---|---|---|
| 1. | 1. | 1. |
| 2. | 2. | |
| 3. | | |

| | Napakahusay (4) | Mahusay (3) | May kulang (2) |
|---|---|---|---|
| Paglalahad ng impormasyon. | | | |
| Organisasyon ng presentasyon. | | | |
| Malikhain at kawili-wili ang presentasyon | | | |
| Paggamit ng teknolohiya sa presentasyon | | | |
| **Kabuuang Puntos** | | | |

| | | |
|---|---|---|
| | **IKATLONG-ARAW**<br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br><br>**Gawain 4: PANGKATANG GAWAIN (#Collaboration is the key)**<br><br>**Panuto:** Hatiin ang klase sa sampung pangkat. Magsaliksik tungkol sa lahi ng isa sa mga kapit-bansa ng Pilipinas sa Timog-Silangang Asya na sinasabing nagmula rin sa mga Austronesian. Alamin ang mga katangian at kultura ng kanilang lahi at ihambing sa lahing Pilipino. Gumawa ng powerpoint presentation para dito. Isama sa presentasyon ang pananaw kaugnay sa natuklasang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga pangkat ng taong sinasabing nagmula sa iisang lahi. Gawing gabay ang rubriks sa ibaba. | Ang bahaging ito ay nakatakda na gawin sa ikatlong araw, subalit may kalayaan ang guro na gawin ito kahit anong araw bastat matatapos ang lahat sa ika-apat na araw.<br><br>**Gawain 4**<br><br>May kalayaan ang guro na magbigay ng marka para sa gawaing ito. Gayunpaman, maaari rin na umisip ang guro ng ibang aktibiti para masubok ang kolaborasyon ng mga mag- aaral. |

| | | |
|---|---|---|
| **D. Paglalahat** | **IKAAPAT NA ARAW**<br><br>**1. Pabaong Pagkatuto**<br><br>**Gawain 5. PAGBUBUOD**<br><br>**Panuto:** Punan ng angkop na salita ang mga patlang na lilinang sa paksang nakalahad. Pillin sa loob ng kahon sa ibaba. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.<br><br>Ang pangkat ng mga taong gumagamit o nagsasalita ng Austronesian ay tinatawag na (1) ______________________. Nanirahan sila sa gawing Timog-Silangang Asya., Polynesia, at Oceana. Ayon sa mga pag-aaral, ang mga unang dumating na Austronesian ay nanatili sa Hilagang Luzon at nadatnan ang mga Austral- Melanasian na nauna nang nanirahan doon. Sa paglipas ng panahon nagkaroon ulit ng (2) _hanggang sa kumalat na sila sa buong kapuluan hanggang sa mga isla ng Celebes, Borneo, at Indonesia.<br><br>Ayon sa arkeologong Australian na si (3) ________________, isang dalubhasa sa mga pag-aaral ng populasyon sa Timog-silangang Asya at sa (4)_____. Ipinaliwanag sa kanyang Teorya ng Austranesian Migration ang dahilan ng pagkakatulad sa kultura, (5) __________, at pisikal na katangian ng mga bansa sa Asya.<br><br>Ang mga Austronesian ang (6)______________ ng mga Pilipino. Ang mga taong nagsasalita ng Austronesian ang ninuno ng lahat ng mga tao sa Timog-silangang Asya. Noong 2500 B.C.E. ang mga Austronesian ay nakarating sa Pilipinas mula sa (7) __________. Sa Timog (8)__________naman ang orihinal na pinagmulan ng mga taong ito. Ito ay kinilalang Teoryang ***Austronesian Migration.***<br><br>Kilala rin ang teoryang ito bilang, (9)_______________ ***Origin Hypothesis***, na kung saan binigyang diin na nagmula ang mga Austronesian sa timog China na naglakbay sa Taiwan at nagtungo sa hilagang Pilipinas. Mula sa Pilipinas ay nagtungo naman | Ang bahaging ito ay nakatakda na gawin sa ikaapat na araw. Inaasahan na matatapos ng guro ang buong aralin.<br><br>May kalayaan ang guro na umisip pa ng ibang teknik kung paano ibibigay ang paglalahat<br><br>**Gawain 6**<br><br>Susi sa pagwawasto:<br>1. Austronesian<br>2. Migrasyon<br>3. Peter Bellwood<br>4. Pacific<br>5. Wika<br>6. Ninuno<br>7. Taiwan<br>8. China<br>9. Mainland<br>10. Indonesia<br>. |

| **Mga kasanayan** | **Hindi sapat ang kasanayan ko** | **Sapat ang kasanayan ko** | **Lubos ang kasanayan ko** |
|---|---|---|---|
| *Nasusuri ang kalinangang Austronesyano at Imperyong Maritima kaugnay sa pagbuo ng kalinangan ng Pilipinas at Timog Silangang Asya.* | | | |
| *Natatalakay ang konsepto ng Austronesian at Mainland Origin Hypothesis (Bellwood)* | | | |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>sa (10) ____________________. Ang iba ay nagtungo sa Malaysia, gayundin sa New Guinea, Samoa, Hawaii, Eastern Island hanggang Madagascar.<br><br>Ito rin ang naging batayan ni Bellwood sa kaniyang teorya sa pagkakatulad ng wikang gamit sa Timog-silangang Asya at sa Pacific.<br><br>Migrasyon Austronesian Ninuno Pinagmulan Peter Bellwood Pacific Indonesia Mainland China Taiwan Wika<br><br>2. Pagninilay sa Pagkatuto Gawain 6.<br>Pagninilay<br><br>Panuto: Magsagawa ng pagninilay hinggil sa aralin na natutunan. Lalagyan ng tsek ng mga mag-aaral sa sagutang papel kung ang mga nakalahad na kasanayan ay nalinang. Sasagutin din ng mga inihandang tanong.</td>
<td>Sa bahaging ito ay inaasahang masasagutan ng mga mag- aaral ang pagninilay ng buong puso.</td>
</tr>
</table>

| | | | |
|---|---|---|---|
| *Napahahalagahan ang pinagmulang lahi ng mga Pilipino.* | | | |
| *Nakagagawa ng isang pagsasaliksik hinggil sa pinagmulang lahi ng karatig bansa at pagkakatulad nito sa Pilipinas* | | | |

**Pamprosesong mga Tanong:**

1. Anong mga kaalaman at kasanayan ang natutunan mula sa aralin?
2. Anong mga kaalaman at kasanayan ang nahirapan kang matutunan?
3. Bakit nahirapan kang matutuhan ang mga nasabing kaalaman at kasanayan?
4. Kung pag-aaralang muli ang nilalaman ng aralin at gagawin ang mga pagsasanay, paano mo higit na mapagbubuti ang iyong pagkatuto?
   a. Sumangguni sa iyong naging sariling karanasan?
   b. Sumangguni sa iyong mga kamag-aral at tanungin ang kanilang naging karanasan sa pag-aaral?
   c. Sumangguni sa iyong guro at humingi ng mga mungkahi?

<table>
<tr><th colspan="2">IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY</th><th>MGA TALA SA GURO</th></tr>
<tr><td>A. Pagtataya</td><td>1. Pagsusulit<br><br>Panuto: Basahin at bilugan ang letra ng wastong kasagutan.<br><br>1. Ito ay tumutukoy sa pangkat ng mga taong gumagamit o nagsasalita ng wikang Austronesian.<br><br>A. Austronesian<br>B. Australianesian<br>C. Indonesian<br>D. Filipino<br><br>2.Siya ang arkeologong Australian na naniniwala na ang pinagmulan ng mga ninunong Filipino ay ang mga Austronesian.<br>A. Peter Bellwood<br>B. Wilhelm Solheim II<br>C. Antonio Figafetta<br>D. Felipe Jocano<br><br>3. Ayon sa Mainland Origin Hypothesis orihinal na nagmula ang mga Austronesian sa bansang ____________________.<br>A. China<br>B. Indonesia<br>C. Pilipinas<br>D. Taiwan<br><br>4. Noong 2500 B.C.E. ang mga Austronesian ay nakarating sa Pilipinas mula sa ____________________.<br><br>A. China<br>B. Indonesia<br>C. Thailand<br>D. Taiwan</td><td>Susi sa pagwawasto:<br>1. A<br>2. A<br>3. A<br>4. D<br>5. B</td></tr>
</table>

***5.*** Binigyang diin ng Mainland Origin Hypothesis na nagmula ang mga Austronesian sa Timog China na naglakbay sa Taiwan at nagtungo sa hilagang Pilipinas. Mula sa Pilipinas ay nagtungo naman sa ______________________________.

A. China
B. Indonesia
C. Thailand
D. Taiwan

**2. Gawaing Pantahanan/ Takdang-Aralin**

Magsaliksik ng mga impormasyon hinggil sa mga sumusunod:

a. Island Origin Hypothesis (Solheim)

b. "Peopling of Mainland SE Asia

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **B. Pagbuo ng Anotasyon** | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | |
| | ***Estratehiya*** | | | |
| | ***Kagamitan*** | | | |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |

| | | |
|---|---|---|
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***Prinsipyo sa pagtuturo***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin? Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin? Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | |

| | |
|---|---|
| ***Inihanda ni: Jayson P. Sollorano, EdD*** | ***Sinuri ni: Marivic M. Pimentel, PhD*** |
| ***Institusyon: Don Manuel Rivera Memorial Integrated National High School- Pila Sub-office, SDO-Laguna*** | ***Institusyon: Philippine Normal University-Manila*** |